Republic of the Philippines
Province of Bulacan
City of Malolos

OFFICE OF THE GOVERNOR
HON. DANIEL R. FERNANDO
Alani
RECEIVED BY
11/21 DATE
3:03 PM TIME

# Office of the City Mayor

**Executive Order No. 28 s. 2019**

**"AN ORDER DECLARING DECEMBER 9, 2019 (MONDAY), AS A NON-WORKING DAY IN THE CITY OF MALOLOS, BULACAN"**

**WHEREAS,** the City of Malolos, once the capital of the short-lived Philippine Republic that linked many patriots and heroes in the country's history, are forever engraved and enshrined in the annals of Philippine History commemorated December 8 as its Foundation Day;

**WHEREAS,** the Catholic Churches will sacredly celebrate on December 8, 2019 (Sunday) the Feast of Immaculate Concepcion;

**WHEREAS,** the City Government of Malolos stretches the importance and reverence of the Foundation Day of the City of Malolos and sacred celebration of the Roman Catholic Feast of Immaculate Concepcion;

**NOW THEREFORE, I, ENGR. GILBERT T. GATCHALIAN,** City Mayor of Malolos, by virtue of the power vested in me by law, by the support of the Sangguniang Panlungsod through Resolution No. 246-2019, do hereby declare December 9, 2019 (Monday), as a non-working holiday in the City of Malolos.

This order shall take effect immediately upon signing.

Done in the City of Malolos, Bulacan, this 21st day of November 2019.

**ENGR. GILBERT T. GATCHALIAN**
City Mayor

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-07 NG NOBYEMBRE, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 246-2019

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGDEDEKLARA MULI NA ANG IKA-9 NG DISYEMBRE, TAONG KASALUKUYAN BILANG PISTA OPISYAL, NA ARAW NG WALANG PAGGAWA (NON-WORKING HOLIDAY) PARA LAMANG SA TAONG ITO, SA LUNGSOD NG MALOLOS.**

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT**, nananalig ang kapulungang ito sa separasyon ng Estado at Simbahan;

**SAPAGKAT**, ang ika-8 ng Disyembre ay ipinagbubunyi taun-taon ng mamamayang Maloleño bilang araw ng pagkakatatag ng ating "Dakilang Lungsod";

**SAPAGKAT**, ang nasabing petsa ay natapat sa araw ng Linggo, na kung saan ang nasabing araw ay sagradong pagdiriwang ng Simbahang Katoliko, hindi bilang kapistahan ng Immaculada Concepcion, kundi Ikalawang Linggo ng adbiyento;

**SAPAGKAT**, ang adbiyento ay araw ng Pangilin sa Paniniwalang Romano Katoliko, binibigyang importansya ang pagdiriwang sa pagdating ni Jesukristo, ang luklukan ng pundasyon ng Kristiyanismo;

**SAPAGKAT**, ang Patron ng Inmaculada Concepcion ay kinikilala din patron hindi lamang sa Lungsod ng Malolos, bagkus ito ay kinikilala ding Patron ng Lalawigan ng Bulacan;

**SAPAGKAT**, batay sa nabanggit na relihiyon, ang araw ng pagdiriwang ay isinasandig sa ikatlong utos ng Sampung Utos ng Diyos na MAGSIMBA KA KUNG ARAW NG LINGGO AT ARAW NG PANGILIN;

**SAPAGKAT**, ang diwa ng kahalagahan ng sekular na selebrasyon sa pagkakatatag ng Dakilang Lungsod ay maaaring lumikha ng hindi magandang impresyon sa nakararaming mamamayan ng Lungsod na mananampalataya sa Simbahang Katoliko;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | KGG. MICHAEL M. AQUINO KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CA[PULE] KASANGGUNI

**SAPAGKAT**, nararapat lamang gampanin ang winika ni Kristo na, 'ang kay Caesar ay kay Caesar, at ang sa Diyos ay sa Diyos', kaya't ipagbigyang puwang at irespeto ang selebrasyon ang sagradong araw ng mga mananampalatayang Katoliko at gayundin ay itakda ang araw ng pagdiriwang ng sekular na pamahalaan; kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Enrico C. Capule na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na muling ideklara na ang ika-09 ng Disyembre, taong kasalukuyan bilang Pista Opisyal na araw ng walang paggawa (NON-WORKING HOLIDAY) para lamang sa taong ito, sa Lungsod ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

***KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**

**Petsa ng Pagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*110719